Finally, the petition highlights that "the struggles of the academic community will not be over no matter how many times we help our students and faculty — it will not be over until Duterte steps down.

#MassPromotionNow
#NoStudentLeftBehind
#WalangIwananUP
#OUSTDUTERTENOW

228 UP FACULTY SIGN PETITION TO END THE SEM AND MASS PROMOTE STUDENTS

Yuuki Kato
November 18, 2020

MAKIBAKA
MAKABAYANG KILUSANG BAGONG KABABAIHAN

PEMENISMO PARA KANINO?

Yuuki Kato
September 20, 2021

Ginulat nina Overseas Workers Welfare Administration (OWWA) Deputy Executive Director Mocha Uson, beauty queen Michele Gumabao, broadcast journalist Pia Roces Morato, at kilalang artistang si Arci Munoz ang sangkababaihan nang magtambalan sila upang buuin ang "Magdalena Mission: Alagang Ate" kasama ang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) upang magsilbing mga "ate" ng kabataan para itaguyod ang "kapayapaan at kaunlaran" kontra-insurhensya.

Bukod sa halang lamang ang makikipag-alyansa sa isang task force na umaatake sa mga aktibista at kritiko ng pamahalaan na kadalasan ay binubuo rin ng ilang kababaihan, sinakto pa ng Magdalena Mission ang kanilang pagkatayo sa buwan ng Setyembre — kung kailan inaalala natin ang mga martir ng kahapong inagawan ng buhay ng pasistang rehimen ni Marcos. Isa na sa mga martir na ito ay si Maria Lorena Barros.

Si Lorena ay isang mag-aaral sa UP Diliman. Mula BS Biochemistry ay lumipat siya at nagtapos sa BA Anthropology, sapagkat naniniwala siyang hindi mo kayang tahakin ang kasalukuyan nang hindi binabalikan ang kasaysayan.

Tulad nina Mocha, Michele, Pia, at Arci, bumuo rin ng samahang pangkababaihan si Lorena. Ngunit ang malinaw na pagkakaiba nito ay ang layuning puksain ang problema ng kababaihan sa ilalim ng isang malapyudal at malakolonyal na lipunan. Noong Abril 1970, isinilang ang Malayang Samahan ng Bagong Kababaihan o mas kilala bilang MAKIBAKA.

Idinaos ang unang malaking kilos-protesta ng MAKIBAKA noong Abril 18, 1970, sa isang pageant ng Binibining Pilipinas. Nagpiket ang mga kababaihan sa Araneta Coliseum upang labanan ang komodipikasyon ng kagandahan gamit ng mga paligsahang ito.

Nagpatuloy ang militansya ng samahan nang iprotesta nila ang militarisasyon sa pamantasan. Naitayo rin ang National Democratic Nursery at Mother's Corps para suportahan ang mga nanay habang namamayani ang diktadura. At habang nangyayari itong lahat ay binuhos din ni Lorena ang kalagayan at emansipasyon ng kababaihan sa kanyang pagsusulat.

Nang ideklara na ni Marcos ang Batas Militar noong 1972, naging ganap na rebolusyonaryo na si Lorena kasama ng malawak na hanay ng militanteng kababaihan. Nahubog ang kanilang realisasyon na lalaya lamang ang mga babae galing sa gapos ng pangangabuso dahil sa kanilang kasarian kung lalaya rin ang lipunan.

Iba kay Lorena, hindi batid nina Mocha, Michele, Pia, at Arci ang ugat ng digmaang sibil sa bansa. Hindi lamang ito isang suliranin na mareresolba sa pamamagitan ng pagbibigay ng payo tulad ng inaasta nilang proma bilang "ate" sa kabataang kababaihan. Sapagkat hangga't hindi pa rin nakakamit ang tunay na reporma at pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka at nakatali pa rin sa pamamalakad ng Estados Unidos ay hindi basta-basta maglalaho ang digmaan. Sa kanilang pakikisangkot sa NTF-ELCAC ay mas pinalaganap pa nila ang kulturang macho-pyudal na pinalaganap ng rehimeng Duterte, galing pa sa kasaysayan ng mga nakaraang administrasyon.

Kailangan nga natin ng mga kababaihang tumitindig, pero saang hanay nga ba sila bumibilang? Para kanino ang pemenismong kanilang inaasam?

> **Lalaya lamang ang mga babae galing sa gapos ng pangangabuso dahil sa kanilang kasarian kung lalaya rin ang lipunan.**

Yuuki Kato
July 15, 2021



MADASIGON: SI TEACHER ANDO AT ANG KANYANG LABAN KASAMA ANG MGA LUMAD

Tipikal lamang na magdiwang ang mga guro tuwing nakikita nila ang kanilang mga estudyante na magtatapos na sa kanilang ilang taong pagsusumikap sa pag-aaral. Ngunit halo-halo ang nararamdamang emosyon ni Teacher Ando ngayong nalalapit na ang graduation ng mga kabataang Lumad, at tuwing naaalala niya ang mga pang-aabusong ginawa at kasalukuyang ginagawa pa rin ng administrasyong Duterte sa kanila.

“Wala namang dapat nagbabakwit,” sabi niya.

Nagboluntaryo si Teacher Ando na magturo para sa mga nagbakwit na Lumad sa Maynila noong 2019. Aniya, plinano niya talagang manatili lamang ng ilang buwan sa pagtuturo, hanggang sa umabot ito ng dalawang taon.

"Ang una kong naging struggle [sa pagtuturo] ay ang language barrier talaga. Siyempre, hindi ako from Mindanao talaga. Iba yung pag-aaral [sa bakwit school] dahil kailangan mong ikonekta ang konsepto sa mga karanasan ng estudyante sa larangan ng agrikultura at health," lahad niya.

Dagdag pa ni Teacher Ando na iba talaga ang karanasan hindi lang sa pagtuturo kung hindi pati ang pag-aaral mismo ng kanyang mga estudyanteng Lumad. "Kung ako nag-aaral dati, iniisip ko makaangat sa ibang mga kaklase ko, sa bakwit school hindi. Kailangan collective ang pag-aaral. Kapag mali, pinupuna agad maging teacher ka man."

Diniin niya na mahirap talikuran ang inhustisya na nangyayari sa mga Lumad. Bagama't mabigat na desisyon ang pananatili niyang magturo, hindi niya mapipikitan ang mga pagpapaslang tulad na lamang ng nangyaring Lianga Massacre noong Hunyo 15 kung saan pinatay ang tatlong Lumad-Manobo kasama ang isang 12 taong gulang mag-aaral sa Surigao del Sur. Ginamit pa ng militar ang kanilang pagkamatay bilang propaganda at pinangalanan pa silang mga rebelde kahit ang tatlong walang habas na binaril ay 'di hamak lamang na mga magsasaka.

Ayon sa Save Our Schools (SOS) network, nasa 30 na lamang ang mga estudyanteng magmamartsa sa kabuuan ng mga paaralang Lumad. Mula sa 215 na paaralan, 178 ang pilit na ipinasara ng estado. Nasa 8,000 sanang mga mag-aaral ang sabay-sabay na aakyat ng baitang o magsisipagtapos ngayong taon ngunit hindi na sila makakapagpatuloy ng pag-aaral.

"Kaya naman nagkaroon ng bakwit school ay dahil sa pag-intensify ng attacks ng estado. Sinasabi ng gobyerno na magproprovide daw sila ng education pero nababalitaan na lang namin sa dating mga estudyante ng Lumad schools na sila ay nag-asawa na o kaya nagtrabaho na sa ibang lugar kasi hindi kayang magprovide ng mga magulang nila sa kanilang pag-aaral," dagdag ni Beverly Gofredo ng SOS.

Sa sobrang laking dagok ng pandemya at ng kahirapang mag-operate sa gitna ng remote learning, mababa pa sa 1% ang mga kabataang Lumad na makakapagtapos ng pag-aaral, kung kaya't hindi matiyak ni Teacher Ando ang nararamdaman sa nalalapit na graduation ng kanyang mga estudyante.

"Hindi ka totally masaya kasi ang daming naleft out na students at ang daming nagsarang schools. Ang hirap maging masaya pero at the other side naman, ito na. Dito, umaasa kaming mas maririnig kami ng tao na kahit na ganoon ang naranasan ng bakwit school sa isang buong school year, nagpapatuloy kami," sabi ng volunteer teacher.

Giniit rin ng guro na dapat hindi ganito ang nangyayari sa kahit na sinong estudyante. Kaya naman panawagan niya na tuluyan nang wakasan ang madugong pamamalakad ni Duterte upang mawakasan na rin ang sunod-sunod na mga atake sa mga Lumad at makapag-aral na nang payapa ang mga kabataang layunin lamang na protektahan ang kanilang lupang ninuno.

"Ang dami nang nangyari. Ang dami nang pagpatay. Sobra na. Wakasan na," ani Teacher Ando

Militanteng sasalubungin ng bawat guro at mag-aaral ng mga bakwit schools ang nalalapit na graduation sa Hulyo 17 at napapanahon lamang na pagpugayan ang patuloy na paggiit ng mga Lumad para sa kanilang karapatan, hindi lang makapag-aral, kung hindi manatili rin sa kanilang mga komunidad.

"Madasigon," bitaw ni Teacher Ando. "May takot man akong nararamdaman, laban lang!"

Duterte once vowed to liberate farmers from poverty by distributing the land that is rightfully theirs before he assumed office back in 2016. But in his five-year rule, more blood has been shed on our crops as he eats his words with more than 300 peasant deaths under his regime.

In front of 100 farmers and land rights advocates, the then presidential candidate promised to provide a “better alternative” by pursuing land reform and distribution “differently” and even claiming that the past administration’s Comprehensive Agrarian Reform Program Extension with Reforms (CARPER) was an outright failure.

However, little to no further efforts to improve the conditions of local farmers and their struggle for genuine agrarian reform has been made, making his grand display during campaign season all talk and no walk.

Yuuki Kato
July 20, 2021

FOUR WAYS THE PHILIPPINE PEASANTRY SUFFERED UNDER DUTERTE’S RULE



Furthermore, the implementation of the Anti-Terror Law along with continuing operations of the National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) have targeted a population of peasants and labeled them as rebels. This resulted in widespread farmer deaths in the countryside.

Here are four incidents wherein peasants and peasant activists were slain under the Duterte administration:

Sagay 9

On October 20, 2018, nine sugarcane farmers were shot by around 40 armed men at Hacienda Nene in Barangay Bulanon, Sagay City. Four of these farmers were women while two were minors.

The slain peasants were part of the National Federation of Sugar Workers (NFSW). According to the group, the farmers participated in "bungkalan" where they cultivate unoccupied land as their militant response to the government's refusal to distribute all land to the tillers.

Authorities had initially blamed the New People's Army (NPA) despite the rebels clarifying their non-involvement in the killings.

Randy Echanis

Anakpawis Chair and Kilusang Magbubukid ng Pilipinas Deputy Secretary General Randall "Randy" Echanis was slain inside his own home at Quezon, City. Echanis was known for forwarding the Genuine Agrarian Reform Bill (GARB) in place of the false attempts to distribute land to farmers.

Echanis was also a political adviser for the National Democratic Front of the Philippines (NDFP) and openly condemned the suspension of peace talks ordered by Duterte last 2017.

The late Anakpawis chair was said to be undergoing medical treatment when he was attacked by state forces. Furthermore, his autopsy showed signs of torture or prolonged inflicted pain according to Dr. Raquel Fortun from the University of the Philippines College of Medicine.

Tumandok Massacre

Nine indigenous people (IPs) from the Panay Tumandok community were killed in simultaneous police operations on December 30, last year. Seventeen others were arrested.

The victims were accused as armed rebels by the military. According to Panay Alliance Karapatan, the Tumandok farmers were known community leaders who constantly opposed the high militarization happening in their community to protect their indigenous rights to land.

Police Regional Office – Western Visayas claimed the operations were conducted based on information from civilians on personalities who owned high-powered firearms. However, both killed and arrested IPs were all unarmed.

Lianga Massacre

Just last month, June 16, three Lumad-Manobo farmers were slain in Sitio Panukmoan, Barangay Diatagon, Lianga.

According to human rights group Karapatan, the 3rd Special Forces Battalion of the Philippine Army opened fire at them while they were harvesting abaca.

One of the victims was 12-year-old Angel Rivas, a grade 6 student at the Lumad school Tribal Filipino Program of Surigao del Sur.

The military tagged the slain Lumads as members of the NPA even though they were clearly unarmed at the time of their attack.

MGA MAGSASAKA, NANAWAGAN NG LIBRENG ABONO SA DA

Dumaing ang mga magsasaka sa biglaang pagtaas ng abono sa pagsasaka mula P850 pesos noong Oktubre 2020 sa P1,600 hanggang P1,800 ngayong taon.

Ayon sa Samahang Industriya ng Agrikultura (SINAG), may posibilidad na umabot pa ito sa P2,300 kung bababa ang suplay ng abono.

“Kumukuha tayo [ng pataba] sa Indonesia, Malaysia, Middle East, China; pero ang problema ang China nagannounce na sila na hindi na sila mageexport. Poprotektahan na nila ang mga magsasaka nila,” dagdag ni SINAG Chairman Rosendo So.

Dahil dito, maaring umakyat sa P18 kada kilo ang magagastos sa produksyon ng palay mula sa nakaraang P15 kada kilo. Kasabay nito ang pagbagsak ng presyo ng imported na bigas kasabay ng farmgate price ng palay sa P17 kada kilo, kaya’t wala nang matitirang kita para sa mga magsasaka.

Nanawagan ang SINAG at iba pang magsasaka sa Department of Agriculture (DA) na mamigay ng libreng abono mula sa badyet ng Bayanihan o kaya sa buwis galing sa Rice Tarrification Law (RTL). Ngunit, tugon ng DA ay mag-apela na lamang sila sa kongreso para sa 2022.

Maaalalang tinanggalan na ng taripa ang mga pinapadalang bigas galing ibang bansa noong pinirmahan ni Duterte ang RTL noong 2019 ng Pebrero. Ayon sa datos ng Kilusang Mambubukid ng Pilipinas (KMP), tumaas nang 304% ang import dependency ratio (IDR) ng bigas. Inulat rin ng Bantay Bigas ang P90 bilyong pagkalugi ng mga magsasaka ng palay dahil sa RTL.

“Milyong magsasaka ng palay ang mauuwi sa pagbebenta ng kanilang lupain dahil nangangahulugan ng pagkabangkarote ang liberalisasyon ng bigas,” ani Anakpawis Party-list representative Ariel Casilao noong 2019 sa isang protesta laban sa RTL.

Nagfile ang Anakpawis Party-list ng kanilang certificate of nomination and acceptance noong Oktubre 6. Nangako ang kanilang first representative na si Rafael “Paeng” Mariano sa pagtanggal ng RTL at pagsulong ng tunay na repormang agraryo.

“Libreng pamahagi ng lupa para sa ating magsasaka, sapat at nakabubuhay na sahod para sa ating manggagawa sa publiko at pribadong sektor, sapat at permanenteng trabaho, at maayos at disenteng paninirahan para sa ating maralita, at pagtataguyod ng mga demokratikong karapatan,” lahad ni Mariano matapos ang filing.

Yuuki Kato
October 11, 2021

HUWAD ANG KALAYAAN SA ILALIM NG IMPERYALISMO

Tunay ngang magiting ang mga lumalaban upang ipagtanggol ang lupang sinilangan, ngunit hindi makatarungan na pagkatapos ng ilang taong pambubusabos ay patuloy pa rin tayong pinagkakaitan ng tunay na kalayaan.

Inaalala tuwing ika-9 ng Abril ang pagmartsa ng mahigit 76,000 sundalong Pilipino at Amerikano mula Bataan hanggang Tarlac matapos bumagsak ang Corregidor. Kung kaya't bukod sa pagpupugay sa sakripisyo na ginawa ng mga sundalo ay pinatatampok rin ng Araw ng Kagitingan ang malapit na relasyon at pakikipagkaibigan kuno ng tropang Amerikano sa ating mga ninuno, na diumano ay nakatulong sa ating paglaya laban sa mga Hapones.

Sa katotohanan, hindi pa rin tuluyang nagagapi ang mga mananakop ng Pilipinas, bagkus ay nag-iba lamang ng porma ng pakikitungo ang Estados Unidos. Simula't sapul, noong binenta pa lang tayo ni Aguinaldo sa mga Kano ay hawak na nila tayo sa leeg. Marapat lang na ilapat ang katotohanang sila ang primaryang dahilan kung bakit kailangang magpaalipin ng bansa sa likod ng likas na kayamanang mayroon ito.

Lumilitaw ito sa pagpapatakbo ng ating mga institusyon—mapa-militar, pangkalusugan, o edukasyon. Kaya sinuspinde ang pagkapaso ng Visiting Forces Agreement (VFA) sa kadahilanang kailangan daw natin ng magsusuplay ng hindi lamang armas at kagamitang pandigma, pati na rin posibleng donasyon ng mga bakuna panlaban sa COVID-19 na matulin muli ang pagtaas ng bilang ng kaso.

Hayag din ito sa produksyon at industriya na halos kontrolado lamang ng mga dayuhang puwersa. Bagama't isa sa mga pinakamalaking suplayer ang Pilipinas ng iba't ibang hilaw na materyales ay nananatiling nasa pinaka-naghihirap na sektor ang mga pesante sapagkat ang limpak-limpak na kita galing sa sobrang tubong pinapatong matapos itong mailuwas at imanupaktura bilang bagong produkto ay napupunta lamang sa kapitalistang bansa.

At upang manatili ang burukrasyang nagpapatakbo sa mala-kolonyal nating lipunan ay iniluluklok mismo sa mga matataas na posisyon ang mga naghaharing uring kinabibilangan ng mgapanginoong may lupang pinananatiling buhay ang abusadong itsura ng pyudalismo. Kabilang pa rito, angmga burgesya kumprador na umuugnay sa mga nagpapatakbo ng monopolyo ng industriya, kung kaya't wala tayong pagpipilian kung hindi konsumihin ito.

Hindi lang literal na mga produkto ang pinipilit ipakain sa ating mga sistema kung hindi kultura, midya, pati mismong kasaysayang pinanday ng ating mga ninuno ay binubura't pinapatungan ng bagong tintang pumapabor sa magiging pagtingin ng hinaharap na henerasyon sa mga dayuhang mananalakay, tulad na lamang ng ipinagdiriwang ngayong araw. Kasabay ng pag-alala sa mga martir na naglingkod at lumaban para sa sambayanan ay ang patuloy na pagbaklas sa mga nangangalawang kadena ng pang-aabuso ng imperyalistang kapangyarihan.

Sa araw-araw na tayo'y pinapahirapan ng imperyalismo, araw-araw din idinaraos ang araw ng kagitingan.


ATIN AN
PINAS! U.S.
AT CHINA
LAYAS!

Yuuki Kato
April 9, 2021


"HINDI AKO NPA."

GIIT NG INOSENTENG BABAE NA PINAPASUKO NG NTF-ELCAC

Yuuki Kato
February 18, 2021

Sapilitang pinasusuko ng mga sundalo si Esterlita Palma, isang ina na nakatira sa Brgy. San Roque, Guimba, Nueva Ecija, bilang miyembro ng Communist Party of the Philippines-New People's Army (CPP-NPA) kapalit diumano ng halagang P65,000 at kabuhayan, ayon sa ulat at bidyo ng Radyo Natin Guimba.

Ayon sa panayam sa biktima, biglaang pinasok na lang ng dalawang hindi unipormadong militar kasama ang dalawang babae ang bahay ni Palma noong Pebrero 15, bandang 7:00 ng gabi. Ayon sa mga militar, nakalista si Palmasa "masterlist" ng mga miyembro ng NPA kaya't puwede siyang hulihin kahit walang inilapag na warrant of arrest ang korte.

Pinapunta si Palma sa isang kampo ng mga sundalo at pinaaamin bilang NPA. Ngayong taon, tumaas ng 3,000% ang pondo ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) na umabot sa P19 billion.

Dagdag pa niya, ilang beses na siyang pinupuntahan at binibigyan pa ng bigas kapalit ng "paglinis ng kaniyang pangalan" kahit todo-tanggi itong isa siyang rebelde.

"Tahimik ang buhay ko at nabubuhay ko ang mga anak ko sa pakikitanim ng palay. Bakit kailangan kong sumuko. Hindi ako NPA," paliwanag ni Palma.

Kinundena naman ng CPP ang mga kaso ng sapilitan at pekeng mga surrenderee sa kadahilanang kinukurakot lamang ng militar ang pondo at benepisyong nakalaan sa Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) - ang programa ng NTF-ELCAC para diumano sa mga "magbabalik-loob" na rebelde.

Gayunman, may ilang sumukong NPA pa rin ang hindi nakatanggap ng benepisyong ipinangako sa E-CLIP. Ang ilan sa kanila ang pinaslang ng mga otoridad gaya ni Michael "Ka Teban" Bagasala sa Bicol, anak ng Nelly Bagasala na pinaslang rin noong 2018.

Sa P16.4 bilyong pondo ng NTF-ELCAC na nakalaan sa mga barangay, nasa 40% nito ang nakalaan sa Davao region, ang balwarte ni Sara Duterte na matunog na kakandidato sa darating na 2022 national elections.

Maaalala namang inaresto ng 202nd Infantry Brigade ang 16 na uniyonista ng Coca-Cola sa Santa Rosa, Laguna at iprinisenta sa publiko bilang mga NPA surrenderee noong Mayo Uno ng nakaraang taon.

Giit ni Marco Valbuena, tagpagsalita ng CPP, sa isang pahayag, "Instead of addressing the workers' plight and hunger amid the pandemic, the regime used public money to fool the people with another staged "surrender" ceremony."

(Sa halip na solusyunan ang kalagayan at kagutuman ng mga manggagawa sa gitna ng pandemya ay ginamit pa ng rehiman ang pera ng bayan upang lokohin ang mga mamamayan sa isang pekeng "surrender" ceremony.)

Nagpa-blotter na si Palma sa kanilang barangay sa kadahilanang natatakot na siya para sa seguridad ng kaniyang pamilya.

It is appalling when you realize how those who feed the entire nation are also the ones who suffer from empty stomachs.

While flipping through her third grade son's learning module, mother Jenice Ramiro from Marinduque came across a lesson for proper nouns and common nouns. Under the lesson's introduction was an illustration of a family dressed in tattered clothes with the title "The Farmer" above a continued passage. She could not contain her disappointment and proceeded to call out the Department of Education (DepEd) in a now deleted Facebook post.



son

Proper and Common Nouns

n the previous lesson, you have understood that words
tell names of persons, places, things, and events are called
. In this lesson, you will know the two types of noun: **proper**
ommon nouns.

What's In

y 1

ons: Read the passage carefully. Underline the nouns found
passage.

The Farmer

ang Efren lives in one of the barangays in Tarragona. He
r. He has six children, namely: Maria, Marta, Pedro, Juan
d Kiko to feed on. That's why he needs to work hard to
oney.

"Bakit kaya ganito ang larawan ng pamilya ng farmer? Gulagulanit ang mga damit, madungis, at may hubad pa na bata. Napakababa naman po ng pagkakalarawan nila sa magsasaka. Paano naman po natin maeengganyo ang mga bagong henerasyon na magsaka kung ganyan? Nakakasakit ng loob," Ramiro stated.

People on social media were quick to jump on the issue and share their takes in support of Ramiro's sentiments. Her friend, Ma. Teresita Santillan, revealed that she finished a degree in agriculture and is part of several farming groups. "Hindi po pulubi ang ating magsasaka, kung wala sila wala tayong pagkain. Mararangal ang ating magsasaka," Santillan expressed on her Facebook post sharing Ramiro's picture.

The sentiments of Ramiro and the netizens that clamored on the poverty-stricken imagery of farmers are very much valid. However, one should point out that the illustration may be exaggerated and stigma-laden, but it cannot be completely written off as false. While it is true that this type of representation in modules paints an ugly picture of the agriculture sector, we have to realize that even though we want our farmers to appear prosperous, such depiction deviates from reality, for Filipino peasants are part of the poorest sectors in our society.

What the DepEd modules failed to tackle is the cause of the farmers' dismal situation. DepEd modules fell short in critically explaining why the conditions of our country's peasantry has always been rooted on oppression of the ruling class since the very beginning—when friars would claim Philippine land as theirs and make natives break their backs in the heat of the scorching sun, all for a small share of money that is far from the equivalent amount of their given labor. The faces of these friars have now turned into modern day landlords who could care less about alleviating the status of our farmers if it means they get to keep their undeserved wealth.

DEPED'S OUTRIGHT FAILURE TO PORTRAY PEASANT STRUGGLES IN THE PHILIPPINES

This debate of how farmers should be presented to our youth has watered down the actual ongoing struggle for genuine land reform. Despite provisions from the Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) offering slight improvements on the working conditions of our peasantry, it misses the very point of pushing for actual ownership of the land they rightfully own.

Farmers and fishermen should not just stop at being mere beneficiaries of land distribution, but rather actively participate in distributing it to the long deserving sector as well, away from the hands of despotic landlords that abuse these spaces for neoliberalization or privatization behind the lens of "development" when in fact, real development lies in the nationalization of these lands and our country's produce. This is why Anakpawis, a party-list representing the peasantry, has been fighting to push the Genuine Agrarian Reform Bill (GARB) to law.

However, this administration, and the presidents that came before Duterte, cannot sink into their brains that landlessness is one of the root causes of poverty in the Philippines. Instead, they equate the legal fight for land reform to rebellion, targeting masses of farmers and fishermen who organize themselves in order to struggle for their rights to proper pay and ownership. Last 2018, gunmen shot at nine farmers who were members of National Federation of Sugar Workers (NSFW) in Sagay, Negros Occidental. This year, a sickly Randy Echanis, chairperson for Anakpawis, was brutally murdered in the middle of the night. Recurring cases of arson which are internally known to be started by the local government of Bacoor, Cavite, have been haunting the coastal communities and the families that live there, forcing them to evacuate and lose their sole livelihood.

On March 7, the infamous Bloody Sunday Massacre, state forces forced their way inside the office of the Workers' Assistance Center in Dasmarinas, Cavite and shot Manny Asuncion, Bagong Alyansang Makabayan secretary general, who championed the fight of the farmers residing in Hacienda Yulo against the continuous terrorizing of the Ayala-Yulo goons. Even those who speak out against the injustices of the peasantry live with a target on their backs. With one swift command from their fascist master seated in Malacanang, the AFP-PNP will not think twice in pulling the trigger.

No matter how stern DepEd is in promising to "probe" into the stereotyping depicted in the modules, their role as an extended arm for state propaganda will remain prejudiced to one of the most important minority sectors in Philippine society in leading our production. They may merely get rid of the ragged outfits and redraw them in normal clothes with wider smiles, but that will not change the fact that our rice is laced with bullets and our food has trails of blood coming from the farms and homes of the 317 peasants who were killed under the Duterte administration alone.

But if DepEd won't enlighten students of the liberation that is to come, the masses shall, once again, march to the streets. Students will witness history being made outside the four walls of a classroom, or in this case, a Zoom call—history that can never be translated inside an excuse of a "learning" material.

Yuuki Kato
March 20, 2021

A DELUSIONAL STATE'S VICTORY IS THE FILIPINO PEOPLE'S LOSS

Yuuki Kato
December 6, 2020

TW: Mentions of suicide and death

This school year never came close to a victory.

When Department of Education (DepEd) Secretary Leonor Briones proudly declared victory against COVID-19 during the official start of classes last October 5, the whole country was already fighting a losing battle. Aside from the fact that the virus was nowhere near to being contained, students and teachers were forced to shift to a remote learning setup without adequate preparation and support. The turbulent transition further exposed the Philippine education system's anti-democratic character.

AN OBVIOUS LOSS FROM THE START

Together with the Commission on Higher Education (CHED), DepEd should have taken the hint when a significant number of their constituents have already lost faith in the remote learning setup from the beginning. Around three million lower education students were recorded as unenrolled when schools formally opened. Meanwhile, the Philippine Association of State Universities and Colleges (PASUC) estimated that 44,069 students from state universities and colleges (SUCs) have planned not to enroll this academic year.

"One child left behind is one too many, and the government is duty-bound to ensure each and every Filipino's exercise of all of their constitutionally guaranteed rights," Raymond Basilio, secretary-general of the Alliance of Concerned Teachers (ACT) said.

These numbers do not include private institutions that have closed due to lack of enrollees. According to DepEd, 748 private schools have suspended operations, affecting the jobs of 3,233 teachers in the middle of a pandemic.

In addition, the department also ordered the closure of Community Technical College of Southeastern Mindanao (CTCSM) in Davao de Oro last May, bringing the tallied number of shut down Lumad institutions to a total of 176.

The schools that did continue to operate, on the other hand, pushed their faculty to the limit in preparing for the opening of classes. Based on a survey conducted by DepEd, 13% of teachers did not have any gadgets of their own to use for online classes, and even in the ranks of those who have gadgets, 49% do not have their own internet connection and 10% had no signal reception at all in their area. This dire situation had forced teachers from Maducayan Elementary School of Mountain Province to walk nine kilometers and cross a river just to attend a webinar on blended learning.

"Ang signal naman doon ay fluctuating, nawawala, kasi 'yung ginagamit namin ay cellphone, pumunta kami doon sa hill, kumuha kami ng speaker para isa lang ang magamit na cellphone para hindi naman maagawan 'yung signal," head teacher Julita Gumatay said.

("The signal in our area is often fluctuating. We are using a cellphone, we went on the hill and got a speaker so we can just use one phone to avoid competing for a good signal.")

Despite the apparent cracks evident in Briones' premature victory lap just before classes started, the two agencies continued to trek on rocky terrain, clearly unprepared for the impending avalanche to come.

A CATASTROPHIC PERFORMANCE

In the first three months into the school year, three students have taken their own lives. Though each experienced different circumstances, a frequently reported commonality between them is difficulty in coping with the remote learning set-up.

DepEd attempted to soothe the alarming frequency of suicides by releasing a statement online that appealed to the public to "stop directly connecting such to modules or distance learning" as they have received police blotters and incident reports that did not include the current set-up as the primary cause of these deaths. While the cause of suicide cannot and should not be reduced to a single reason, such dismissive remarks obscure the impact of remote learning and the overall educational situation on students' mental health. DepEd made more effort in cleaning themselves out of the issue rather than approaching the incidents with tact and empathy. Instead of providing psychosocial help and proactively addressing the faults of the current set-up, they resorted instead to constructing tone-deaf remarks that did not impress the public.

And even that was not the last of their insensitivity.

When typhoons Quinta and Rolly temporarily halted classes and left detrimental marks in their paths of destruction, Secretary Briones told schools that were badly affected by calamity to create their own solutions, essentially hanging them out to dry. She went so far as to tell teachers and students to iron and hang the unsalvageable modules that were flooded. Days later, it was reported that a father and son, who was supposedly running for Latin honors, from Catanduanes died after going back to save the boy's school supplies and modules.

Quickly followed by another storm, Ulysses, and the absence of an effective, compassionate, and competent President, the whole of Luzon was pushed into a state of calamity. Homes in Marikina are still covered in mud while municipalities in Southern Tagalog still have no electricity, running water, and internet services.

Despite the relentless onslaught of tragedy and the three incoming storms expected to arrive as 2020 finally comes to a close, CHED Chairman Prospero De Vera firmly rejected the calls for a nationwide or Luzon-wide academic break—once again, throwing all the burden to individual schools while leaving those still in recovery far behind.

AN OVERALL, INDISPUTABLE FAILURE

The ability of this administration to shrug off the devastation brought upon by the pandemic and the abrupt shift to remote learning is borderline inhumane. The victory Briones boasted of last October was indeed a triumph for her, De Vera, and the government for fulfilling their self-serving interests at the expense of Filipinos' right to proper education without endangering their health, jobs, shelter, and even their own lives.

Remote learning was an abject failure that unmasked the manifestation of this country's anti-democratic education system that always catered to the privileged. With the heavy need for technology and a conducive learning environment under remote learning, which many people have no access to, this becomes even more apparent.

It is no surprise then that students and faculty from different parts of the country have initiated their own movements and demanded that their respective institutions heed demands for academic breaks, or at the very least, ease. Universities like the Ateneo de Manila and the University of the Philippines have continuing student strikes.

Though each student movement is different, they are unified by one goal: to hold the Duterte administration accountable for its criminal negligence once and for all. Only when Duterte is unseated shall we raise our fists in victory.

#DefundNTFELCAC



HOLD DUTERTE ACCOUNTABLE FOR CRIMINAL NEGLIGENCE

Noong ika-5 ng Agosto, nagbitaw si Defense Secretary Delfin Lorenzana na hangga't namamatyag ang kapangyarihan ni Duterte sa Malacañang ay wala nang pag-agang ibalik pa ang UP-DND Accord. Walang habag ring kinumpirma ang paniniktik ng militar sa loob ng tinaguriang malayang pamantasan.

Hindi naman ito ang unang beses na sinubukan ng estado na ipasok ang kaniyang mga kuko sa loob ng kahit anong institusyon. Matapos ang unilateral abrogation, binantaan ng pekeng Duterte Youth Party-list na isunod sa pagkabuwag ang PUP-DND Accord. Pinangunahan na rin ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) ang pangrered-tag sa Ateneo de Manila University (ADMU), De La Salle University (DLSU), Far Eastern University (FEU), at University of Santo Tomas (UST) bilang mga "recruitment haven" ng rebelde. Ang mga atake na nangyayari sa kasalukuyan ay pawang nagpipinta ng masalimuot na larawan ng kahapon — kung saan ang namumunong diktador ay siya ring galit sa kabataang lumalaban.

Solido ring nakatalaga sa kasaysayan kung anong sektor ang masikhay na kumilos para gapiin ito: ang mga mag-aaral.

Naaalala pa ng kalsada ang bawat padyak ng malalawak na hanay ng estudyanteng nagmartsa laban sa inhustisya ng rehimeng Marcos noong First Quarter Storm. Tatlong buwan nagkasa ng kilos-protesta ang mga kabataang makabayan. Niyanig ng sigwa ang buong bansa at nagsilbing mitsa ng kilalang People Power Revolution na tuluyang nagpatalsik sa diktador. Sa sumunod na taon, nakiisa ang mga mag-aaral sa panawagan ng mga tsuper sa biglaang pagtaas ng presyo ng langis. Itinatag ang Diliman Commune sa loob ng malayang pamantasan. Nagsama-sama ang transport workers, propesor, peryodista, at mismong konseho ng mga mag-aaral upang tayuin ang barikada upang harangan ang pagdagsa ng puwersa ng estado.

At nang maisabatas na ni Marcos ang Martial Law noong 1972, uminit pa lalo ang kilusan laban sa tortyur, pagpatay, at biglaang pagkawala ng kung sino mang sumubok na bumatikos sa gobyerno. Mismong mga mag-aaral na nga ang nagpasyang tumigil muna sa akademya at sa halip ay ialay ang kanilang buhay upang palayain ang inang bayan sa pambubusabos, tulad na lamang ni William Begg — isang kilalang martir at bayaning sinulat ang mga salitang, "I cannot in conscience continue my academic studies, nor do I have any ambition to live a nice, peaceful and secure life. For this in effect would mean a compromise of inaction in the face of intensifying economic crises and repression as well as monopolization of political power by a fascist dictatorship."

Hindi tumigil kay Marcos ang diwang palaban ng mga mag-aaral nang balak kaltasan ni Erap ang badyet edukasyon. Binuo ang mga alyansang Estrada Resign Youth Movement at UP Coalition for the Urgent Resignation of Estrada (UP CURE) nang lumabas ang mga iligal na transaksyon ng dating presidente. Lumabas sa Collegian ang headline na "NO CLASSES UNTIL ERAP STEPS DOWN" at umabot 20,000 na katao mula sa UP ang sumapi sa EDSA Dos at tumigil sa lansangan hanggang sa nilisan na ni Erap ang palasyo.

Nanaig ang sigla ng protesta hanggang 2019, nang tangkang ibalik ni Senator Bato dela

MULA BARIKADA HANGGANG KALSADA: ANG STUDENT MOVEMENT SA PILIPINAS

Yuuki Kato
August 20, 2021

Kabataang Makabayan
ng Diliman
MAKiiSA
SA MGA
TSUPER

NO TO
JEEPNEY
PHASEOUT!

Rosa ang Anti-Subversion Law upang maniktik muli sa loob ng pamantasan. Binaluktot niya ang makulay na kasaysayan ng UP sa pakikibaka upang takutin ang mamamayan at gamitin ito sa crack down ng mga tuligsa sa pamumuno ni Duterte. Sa gayon ay idineklara ni dating Student Reagent John Isaac Punzalan ang August 20 bilang “Day of Walkout and Action” at dumagsa ang mga estudyante galing sa iba’t ibang bahagi ng UP System palabas ng kanilang silid-aralan. Umalingawngaw ang bawat sigaw at panawagan ng mga iskolar sa Silangang Palma na depensahan ang pamantasan.

Ang kasaysayan ng student movement ay hindi lang dapat nananatiling mga ala-ala ng pakikibaka. Ito ay pinapasa sa susunod na mga henerasyon ng kabataan. Ito ang konkretong patunay na mayroon at mayroon tayong magagawa bagama’t nag-aaral pa lamang. Walang edad ang pagiging mulat at kapasyahang lumaban, lalo na’t ngayong hinog na hinog ang mga kondisyon upang igiit muli ang ating karapatang-pantaong lubusang nilabag ng rehimeng Duterte.

Iskolar ng Bayan, ipinapasa na sa atin ang sulo. Oras na muli para magliyab ang ating diwang makabayan!



III.
MANUNULAT

Sarili

BABALA!



noong 1970, inorganisa ng Wom
ng Sadeka sa pangunguna ni Lorie Barro
bagong pambansang-demokratikong sa
na ito sa Binibining Pilipinas sa Arane
unang pangmasang-pagkilos ng Makib
"Ang kababaihan ay dapat makibaka pa

iha, huwag kang pumarito
‘pagkat madilim at delikado
marami nang loko-loko
‘di mo kaya ang sarili mo

iha, huwag kang pumarito
matuto ka sa iyong ninuno
ikaw ang tumunog ng pito
luksa ng kababaiha’y ihinto

iha, huwag kang pumarito
kumaripas ka ng takbo
tumayo ka ng isang rebulto
baguhin mo ang kuwento

at kapag bumalik ka dito
itaas ang kaliwang kamao
sa lansangan ay tumungo
ganap na rebolusyonaryo

iha,
sa pakikibaka ang lugar mo!



nen's Organizing Committee (WOC)
os ang Makibaka, ang kauna-unahang
mahang pangkababaihan. Ang piket
ta Coliseum noong April 18 1970 ang
aka. Ang nakasulat sa isang plakard:
ra sa pambansang demokrasya".

Posted on Twitter on
March 23, 2021, 10:09 PM

UNTITLED

posted on Twitter on
August 22, 2021, 12:06 PM

the IV drips almost one drop per second. the sound of the air-conditioning drowns out the volume of the television playing that cheesy noon time show from Channel 7. it's the only channel the hospital has right now because you need cable to watch the decent one from Channel 11.

the awkwardly timed laugh track mixes with my unhinged thoughts. today, that bag of liquid medicine attached to my thinning veins is harmless. tomorrow, my legs will fail to bring me even to the nearest corner of my room. my stomach will refuse to keep the slightest bites of food and the tiniest sips of water. my bladder will scream in pain whenever i try to relieve myself on the toilet. my head will feel so heavy i will opt to throw my body to the wall and bash it with all my might, just to stop the pulsing.

ironically, i need to kill parts of myself to live.

but today, i bask in the calm before the storm. i still have two hours before my IV runs out. i chuckle along with the TV as if we're collectively laughing off my dismal circumstance, close my eyes, and start a silent countdown.

four more months until certain uncertainty.

“SA HINABA-HABA NG PRUSISYON, SA PAGUPITAN RIN ANG TULOY.”

“Sure ka na, neng?” tanong sa akin ng manggugupit hawak ang razor sa kaniyang kanang kamay habang ang kaliwa ay nakapatong sa aking balikat.

Tumigil ako sa pagkalikot ng selpon at pilit kong tinaas ang aking ulo mula sa pagyuko. Hindi ako makapagkunwaring abala sa aking hawak. Tinitigan ko ang sarili ko sa salamin. Tinutok ko ang aking mga mata sa natitirang buhok sa akin ulo, kapantay lamang ng aking baba. Tanaw ko rin ang repleksyon ang mga poster ng mga mowdel na nakadikit sa pader ng pagupitan. May babaeng ang buhok ay umaabot ng baywang at may iba naman na hanggang leeg lamang. Ang ibang buhok nila ay deretso, ang iba ay kulot, at ang iba naman ay may mga makintab at magarang kulay. Biglang bumigat ang realidad ng aking magiging desisyon. Nakapagnilay naman ako ng matagal sa loob ng kotse mula bahay patungo sa parlor, pero hindi ako agad nakasagot.

Simulan muna natin sa paglabas ng aking diagnosis noong Hulyo. Stage 1A cancer, pero hindi dito iikot ang ating kuwento. Iba pang arko ang paghihinagpis ko diyan. Natatawa pa nga ako sa aking sarili, kung tutuusin, dahil ang una kong tinanong sa Google pagkauwi ay ang posibilidad ng panlalagas ng aking buhok habang nagpapagamot.

Sa dinamirami ng puwede kong hanapin sa internet, bakit nauna pa ang patungkol sa buhok? Hindi ko man lang ikonsulta ang mga matinding epekto ng proseso ng pagpapagaling kagaya ng pagkakaroon ng lagnat, madalas na pagsusuka, o kaya pamamanhid ng buong katawan. Kapag tatanungin ako sa isang panayam kung ano nga ba ang paborito kong bahagi ng aking katawan, hindi ako magdadalawang isip na buhok ang isagot. Mula pagkabata, buhok ko ang unang pinapansin at pinupuri sa akin. Hindi mawawala sa mga usapan ang madalas na pagtatanong kung paano ko ito napapanatiling makapal, makintab, at bagsak na bagsak. Kaya naman pinagtuunan ko ito ng kakaibang pansin at alaga. Pili lamang ang brand ng aming shampoo at conditioner. Gumagamit ako ng langis para mas lalo itong kumintab at dumeretso, iwas buhaghag sa buong araw. Nisang beses ay hindi ko ito pinakulayan sa takot na baka ito ay masira’t numipis.

At dahil ang buhok ko ang unang pinupugayan ng mga tao sa aking paligid, mas lalo ko siya ginawang kapansin-pansin. Bumili ako ng iba’t ibang palamuti tulad ng mga makukulay sa hair clip na umaabot ng limang piso kada piraso tuwing sale sa Shopee. Naging uso noon ang mga kakaibang disenyo ng scrunchies o mga ipit sa buhok. Nag-iipon ako ng sanrio at nagpapatirintas sa aking mga kaklase tuwing tanghalian. Kada hawak nila sa buhok ko ay hindi mawawala ang mga katagang “ang lambot” habang dinadaan nila ang kanilang mga daliri sa bawat hibla.

Minsan ko rin naman tanungin ang aking sarili kung bakit malaking aspeto para sa isang babae ang haba ng kaniyang buhok. Mauugat rin pala ito mula sa ating kasaysayan. Nakaangkla ang haba ng buhok sa kapasidad ng babaeng magda-

“PAGUPITAN”

lang-tao, ang siyang dating pangunahing tungkulin ng aming kasarian.

Magmula noon, lumitaw na ang mga pamantayang mas malusog, mas bata tingnan, at mas kaakit-akit para sa kalalakihan ang pagkakaroon ng mahabang buhok. Kasuka-suka man aminin, hindi natin maitatanggi na konkreto pa rin ang ganitong pag-iisip sa loob ng isang lipunang pilit na tinutunggali ang mga konserbatibong pagtingin, lalo na sa pisikal na hitsura ng isang tao.

At masisisi mo ba ako at ang iba pang kababaihan? Kahit ang kinokonsumo nating midya ay pumapabor rin sa pagpapahaba ng buhok. Ultimo yung paboritong Creamsilk conditioner na ginagamit ng aming pamilya ay mina-market bilang "Long and Strong". Isama mo na ang komersyal ni Kathryn Bernardo sa Sunsilk na ang tagline ay HABAmazing. Hindi mo pa nga puwedeng i-skip yung ad sa YouTube.

Nag-load na ang search engine at binasa ko ang unang lumabas na resulta. Sixty-five percent. Posible, ngunit maaaring hindi. Sinara ko na ang tab at hindi ko na ito muli pang pinag-isipan sapagkat nasa sariling katangian ko na ang pagiging kampante. Tulad ng lahat ng pagsubok na dumarating sa aking buhay, saka ko na ito poproblemahin kapag unti-unti nang lumala.

Pero hindi ito nagpaunti-unti, bagkus, nagulat nalang ako nang lumipas na ang isang linggo pagkatapos ng una kong session noong Setyembre ay tipak na ang naiwang buhok sa ibabaw ng aking unan habang may nakatambak rin na gabundok sa gilid ng aking kama. Agad kong hinagip ang walis tambo upang linisin ang nakakalat na mga hibla. Naalala ko na halos isang oras mahigit na akong nagwawalis kaso parang hindi nauubos ang buhok na kailangan dakutin. Konting lakad, konting yuko, o kahit isang maliit na galaw ay papatak sa sahig ang sampung hibla, baka nga bente pa.

Sinubukan kong maging panatag. Normal lang naman ang panlalagas diba? Baka na-stress lang ako sa pagpasok ng school year. Baka masyado na akong nagpupuyat. Baka hindi ako kumakain nang maayos.

Ngunit sino ba ang niloloko ko kung hindi ang aking sarili. Kinabukasan, naglakas-loob akong humarap sa salamin para magsuklay. Hindi ko naman aakalaing haharapin ko na rin ang katotohanang pilit kong ipinagkakaila. Hinawi ko ang aking buhok. Nanikip ang aking dibdib habang ang mata ko nama'y nagmistulang isang dam na biglaang binuksan. Kung ilog ang aking mga luha ay rumagasa ito patungo sa aking unan. Kapit tuko kong hinigpitan ang hawak sa aking buhok, nagbabakasakaling tatatag rin ang kapit nito sa aking nakakalbong ulo. Hubad na hubad na ang anit ko sa gitna, ang karaniwang hati ng aking buhok. Hinabol ng aking mga mata ang bawat pirasong nahuhulog sa sahig. Isang araw akong nagkulong sa kwarto sa takot na mas lalong lumala ang paglagas sa aking pagkagaslaw.

Ang dali-daling sabihin sa ibang taong huwag nilang pansinin ang istandard na itinakda ng mapang-aping lipunan, pero iba pala ang bigat kapag sa sarili mo na mismo gusto itong iturol. Umabot ng dalawang araw bago ko mahinuhang tuwing nakikita ko ang mga hiblang nahuhulog, pakiramdam kong ako rin mismo ang nauubos. Nagsilbi siyang paalala—ng aking malubhang karamdaman, magiging kahihinatnan, at pagsukat sa aking pagkababae.

Tinitigan ko ang pirapirasong itim na hiblang naipon sa isang gilid ng aking kwarto. Para akong nakabitin sa dulo ng bangin at kung ano-anong masalimuot na ideya nalang ang nanghihimasok sa aking utak. Sa ganitong sitwasyon, matutulungan kaya ako ng binebentang shampoo ni Kathryn Bernardo?

Kung ubusin ko ang conditioner sa banyo namin, mapapanindigan ba nito ang nakatatak na “Long and Strong” sa harapan ng bote? Nakatatawa siyang balikan ngayon, pero sa oras na iyon, desperado na talaga akong humanap ng ibang paraan para maisalba man lang ang natitira pang buhok sa aking ulo.

Ang masakit na pag-iyak ay naging mahihinang hikbi. Pinunas ko ang natututyong bakas ng luha mula sa aking pisngi. Dahan-dahan kong tinanggap ang hapdi ng realidad: wala akong ibang pinapahaba kung hindi ang aking pagdurusa. Kahit anong porma pa ng pagsalba pa ang maisipan kong gawin sa hinaharap, hindi tutubo pabalik ang aking buhok hangga’t matapos ang proseso ng pagpapagamot. Hindi ko puwedeng ipilit ang aking sarili sa hubog ng minapakturang ideya ng kagandahan ng isang babae, at hindi ko dapat isiksik ang aking sarili dito sapagkat hindi ito nasusukat sa pisikal na anyo lamang.

Bumaling muli ang aking mata sa repleksyon poster ng pagupitan na siya ring nagsilbing repleksyon ng aking sarili noon. Kapag tinuloy ko ito, hindi ko na alam kung anong parte ng aking katawan ang unang papansinin ng aking mga nakikilala. Ngunit sa halip na isipin kong mawawala ang isa sa mga tiyak na basehan ng aking kagandahan, maganda itong opurtunidad upang umusbong at patampukin ang iba pang bahagi ng aking sarili, may tumutubo man sa aking ulo o wala.

Ningitian ko si ateng manggugupit. “Sure na po,” sagot ko sa kaniya.

Mahigit walong na buwan na ang nakalipas. Sinasalubong muli ako ng mga bagong tubong hibla tuwing umaga. Mabagal man ang aking aantayin hanggang maibalik muli ang dating haba ng aking buhok, ang mga munting hibla ang nagsilbing pag-asa na patuloy na itong lalago.

para sa UP
Writers Club.

UNTITLED

posted on Twitter on
September 30, 2020, 8:39 PM

an ode to

We started out short
of patience

With each other and
with the world

Because at this length
I was never the pretty girl

But you were stuck with me
and I was stuck with you

I had to love you, even
when you itched while
I sweated in heat

or when you snuck the smell
of the kitchen to school
when mom cooked fish

And you had to love me, even
when I slept with bubblegum
in my mouth and had to
cut a handful of you again

You always grew back
so we grew out our patience
longer and stronger

Together
we conquered the world
and its selfish standards

Because you made me
feel beautiful

no matter the length
the color you were

You held on well
even now that you're
losing grip

of reality

It's for the best
that we grow apart

Until then,
I hope you remember
that you have a home

on my head
and in my heart

her hair

UNTITLED

posted on Instagram on
September 5, 2020

dear boy who i watched
from the sidelines
the butterflies you gave me
never left my stomach

i thought they flew away
one by one while i slept
with my mouth open
like fleeting memories

yet, the mere sound
of your name sharpens
a blurred face
i thought i had erased

dear boy who i watched
from the sidelines
i want to hand you back
your butterflies

but i do not know
how to return
something you
unintentionally gave

When tomorrow starts without me
clean the dust bunnies off my bed
Flutter a few blankets if you will
and strighten the pillows as if they
were still under my head

When tomorrow starts without me
you can finish the stocks of apple juice
in the fridge. Get the extra serving of rice
and viands to your liking because I know it'll
get some time to be used to cooking for three

When tomorrow starts without me
give my dogs those extra hugs I couldn't
indulge for two years due to treatments.
Fill their bowls up every morning with food
and water. Take them around the garden for
a quick stroll.

When tomorrow starts without me
compile the little notes, poems, stories I have
written and put them out in the world; something
I was too shy to do no matter how much of them
piled up.

When tomorrow starts without me
don't think you are permanently without me.
I'm a gush of wind, a whisper in your ear,
a cold tingle, an invisible brush on your back.
A flower blooming from the side of the street,
a butterfly passing by your gaze,

a presence preserved in the smallest of ways.

a presence
preserved in
the smallest
of ways.

UNTITLED

posted on Facebook on
January 13, 2022, 5:48 PM

IV.
PARA KAY YUUKI

Mula sa amin.

this is tomorrow



without y

vayne. for yuuki.

this is tomorrow without you.
the creases of your bed are wiped down.
folded up are the bleaching sheets.
the sun shines through the sliding window
waking someone once there.

this is tomorrow without you.
an empty space arises from the table
the plates are still equidistant, lonely
where they'll fill and empty with rice and
warm broth and nothing's yet gone.

this is tomorrow without you.
they wag their tails, waiting to see you,
and it will be a few days but they'll
soon know it too, because the bowls
will be full just like you asked and full still
in the morning after.

this is tomorrow without you.
we hold painted signs and our line
stands steadfast and roaring, your words
a waking anchor, a weight bound
at our feet.

this is tomorrow without you.
even now, the moon hardly stills a stir.
the mountains bellow their mourn.
the waves crash credulous across the sea.
a whisper, a bloom, a silver string,
in these soft tangles, a warm hand betrays,

the shattering weight of having loved you yesterday.

you

WALANG PAMAGAT

ni Yuuki Kato

(salin ni Ka Niyong)

Nagsimula tayong maiksi
ang pasensiya

Sa isa't isa at
sa mundo

Dahil sa ganitong itsura
hindi ako ang magandang dalaga

Pero ako lang ang mayroon ka
at ikaw lang ang mayroon ako

Kinailangan kitang mahalin, kahit
kumakati ka habang
pinagpapawisan ako sa init

o kahit baon mo sa eskuwelahan
ang lansa ng kusina
habang nagluluto si mama ng isda

At kinailangan mo akong mahalin, kahit
natutulog ako habang may bubblegum
sa bibig at kinailangan kitang
gupitan nang kaunti ulit

Lagi kang humaba pabalik
kaya humaba rin ang pasensiya natin
mas mahaba at mas matibay

Ikaw at ako
hinarap natin ang buong mundo
at ang pagmamaganda nito

Dahil pinaalala mo sa akin
ang ganda ko

ano man ang haba
ang kulay mo

Hawak-hawak mo pa rin ako
kahit ngayong nalalagas na
ang kapit mo

sa totoong buhay

Mas mabuti munang
hanggang dito na lang tayo

Habang-buhay,
umaasa akong maalala mong
may tahanan ka

sa aking ulo

at sa aking puso

21:33
21/01/22

Paano ba kita gugunitain

kung ang mga piraso mong mayroon ako
ay nasa likod lamang ng mga ilaw?

kung hindi kita nadanas habang ikaw ay nasa mga
bulwagan ng kalayaan?

kung ang kadakilaan mo’y hindi ko malalaman
kung wala ang mga dumadakila sayo?

kung sa panulat, pagbigkas, at panghahamig
ko na lang madarama ang iyong apoy?

Masalimuot hanapan ng katwiran
Kung paano kita gugunitain
Masalimuot
Kagaya ng kung bakit ako’y nangungulila at
nagdadalamhati
Kahit hindi kita naging kahati
Sa pagiging mortal
Sa pagiging tao
Sa pagiging anak ng bayan
Sa pagiging ikaw.

Gugunitain kita
sa pagtuloy kong paglaban

sa mga labang ako lang ang nakakaalam
sa mga laban ng malawak na hanay ng mga mamamayan
sa mga labang hindi mo sinukuan

katulad ng kung paano ka lumaban
para muling makalaban.

Para sa dakilang hanggang sa huli ay nakipaglaban,
pinakamataas na pagpupugay para sa iyo!

BUHAY NA
KASING-BIGAT ANG

Sierra Madre

UP POLIS
Political Science Department Core Group

From joining the POLIS Core Group throughout her stay in the Department, to sharing her gift in writing through CSSP SINAG, to leading a resurgent UP SAPUL in this academic year, the POLIS Core Group remembers Yuuki Kato as someone who has never hesitated to serve the people in her life.

We extend our deepest condolences to her friends and family.

UP Political Society

Nakikiisa ang UP Political Society sa pagpupugay at pag-alala sa katapangan at kabutihan ng aming mahal na kaibigan na si Yuuki M. Kato, ang Tagapangulo ng UP Samahan sa Agham Pampulitika.

Sa ating lakbayin bilang mga mag-aaral ng agham panlipunan, pilit tayong minumulat sa katotohanang istruktural at malawakang mga puwersa ang pangunahing humuhubog sa ating mundo. At sa bawat balita at teoryang sinusuri, ang ideyalismo'y nagiging cynisismo. Tila lumiliit ang saklaw ng lakas. Ang pagbabago'y tila nabibigo.

Ngunit ang buhay ni Yuuki ay siyang antitesis, ang kontradaluyong sa realidad na ito. Sa talim ng kaniyang komentaryo, sa halimuyak ng kaniyang panitikan, sa liwanag ng kaniyang ngiti, at sa puwersa ng kaniyang pamumuno, pinatutunayan ni Yuuki na hindi mandidilim ang pag-asa kung ito ay nakaangkla hindi sa teorya, kundi sa praktika. Hindi sa balita ng kasalukuyan, kundi sa pangarap ng kinabukasan. Hindi sa silid-aralan, kundi sa masa.

Sa panahon ng kawalang-katiyakan at kapaguran, ipinamalas ni Yuuki ang mapangahas na pag-asa at katiyakan sa tagumpay. Ang kaniyang buhay ang patuloy na nagpapaalala sa atin na nakalulula man ang istruktura, nagsisimula ang pagbabago nito sa iisang pasya—sa pasyang tumaliwas.

Sinubok ang kalayaan ng pamamahayag sa kolehiyo at pamantasan.
Nagpasya siyang magsulat.

Sinubok ng krisis ang mga samahan sa departamento.
Nagpasya siyang mamuno.

Hinatulan siya ng kaniyang biolohiya.
Nagpasya siyang mabuhay.

At patuloy kang nabubuhay, Yuuki.
Sa obra. Sa alaala. Sa enerhiya.

Sa bawat pagkilos upang mabawi ang kapangyarihan—paisa-isang pasya, paisa-isang hakbang.

Sa UP Political Society, ang aming sagisag para sa pinakamataas at pinakamagiting na antas at anyo ng aktibismo ay ang bughaw na apoy.

Isa kang bughaw na apoy, Yuuki.
At ipagpapatuloy namin ang iyong liwanag, hanggang sa tagumpay.

UP Writers Club extends our deepest condolences to the family, friends, and loved ones of our member, Yuuki M. Kato.

When she was an applicant to UPWC, Yuuki showed an eagerness to learn; she was interested in writing, in the conventions of form and the complexities of style, and most of all, in the place of literature in society; during org discussions, Yuuki always raised substantial questions; and during workshops, she displayed a keen respect for writerly craft. But behind her passion for learning was a talent already in full bloom; her app piece spoke of her personal struggle with cancer through strong and simple prose, and through an excellent command of the Filipino language; clarity, depth, and strength were Yuuki's foremost virtues as a writer. Her app piece was among the best from her batch.

We remember Yuuki for her warmth and cheerfulness. As a member of the org, Yuuki had an unmistakable presence: she was friendly and consistently humble; it was easy to feel comfortable around her, to just rant and laugh over small jokes; and even during serious discussions about writing and literature, she always brought her own brand of humor and enthusiasm which we all looked forward to. At the same time, one could not mistake the resolve, a certain vividness of speech, with which she articulated her convictions—Yuuki was a writer and student-activist, and through her works of poetry and creative nonfiction shone fiercely an unflappable commitment to social justice and radical change.

We in UP Writers Club cherish every moment that we shared with Yuuki. We mourn the loss of our orgmate and friend.

Rest in peace, Yuuki.

"Along these car-congested streets
are houses with roofs from iron sheets
and walls made of wooden planks

No spaces between dwellings
create an uncanny commune that
cannot distinguish friend from neighbor

There, they settle

Playings gods, good with words
promised from eternal paradise
far away from the heat and hunger"

— from Bagong Silangan by Yuuki Kato

UP Writers Club

UP SAMAHAN SA AGHAM PAMPULITIKA

Iginagawad ng UP Samahan sa Agham Pampulitika ang pinakamataas nitong pagpupugay kay Yuuki M. Kato, ang aming mahusay na tagapangulo, at isang magiting na Sapulista.

Bitbit ang kaniyang matibay na paninindigan na ang pulitika ay dapat na maglingkod sa sambayanan, buong tapang at husay tinanganan ni Yuuki ang pagiging tagapangulo ng Samahan sa panahong pinakakinakailangan nito ang mahusay na pinuno. Pinamunuan ni Yuuki ang muling pagbubuhay sa SAPUL at buong pagpupursiging inakay ang Samahan mula sa iilang mga bagong kasapi tungo sa kung ano na ito ngayon, sa loob lamang ng ilang buwan.

Hindi naging hadlang kay Yuuki ang kaniyang sakit upang ubos-kayang tugunan ang kaniyang mga responsibilidad, hindi lamang sa SAPUL, kundi sa paglilingkod sa kolehiyo at sa sambayanang Pilipino. Bago pa man niyang inako ang muling pagtatatag ng UP SAPUL, siya ay nagsilbi bilang isang mamamahayag ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya na naghatid ng mga kritikal at napakahalagang balita tungkol sa iba't-ibang napakahalagang isyu at pangyayari sa kolehiyo at bayan.

Nag-ambag din siya ng kaniyang mga talento at panahon upang maghikayat sa kaniyang mga kapwa iskolar ng bayan na kumilos upang ipaglaban ang kanilang mga demokratikong karapatan sa edukasyon sa paraan ng pagkampanya para sa academic ease, pagdepensa sa academic freedom at iba pang mga mahalagang isyu na dapat nakikialam ang mga Iskolar ng Bayan. Maalala siya ng Samahan hindi lamang bilang tagapangulo, kundi isang mabuting kaibigan, mahusay na makata, matapang na manunulat, at masikhay na organisador.

Sa saglit na panahon ng kaniyang pagsisilbi sa SAPUL, dinala ni Yuuki ang Samahan tungo sa maraming tagumpay, maliliit at malalaki. Bagaman marami pa siyang plano para sa Samahan na hindi na niya masisilayan, sisikapin ng SAPUL na isakatuparan ang mga ito para sa kapakanan ng Samahan at bilang paggunita sa alaala ni Yuuki.

Si Yuuki ay isang mahusay na halimbawa ng ibig sabihin ng "tungo sa pinakamataas na antas ng paglilingkod." Saksi hindi lamang ang UP SAPUL kundi ang buong kolehiyo sa kaniyang buhay at pakikibaka. Maaalala natin siya bilang kapugay-pugay na Sapulista, Konsensya, at Iskolar ng Bayan.

Habambuhay siyang gugunitain at ipagmamalaki ng Samahang kaniyang buong-pusong pinaglingkuran. Hindi mawawala sa puso't isipan ng lahat ng mga Sapulista, mula ngayon hanggang sa susunod pang mga taon, ang husay at dunong na ipinamalas ng kaniyang buhay. Hindi matatawaran ang naging ambag ni Yuuki sa pakikibaka tungo sa lipunang walang pang-aapi. Tuluyang mabubuhay ang kaniyang diwa at pangarap sa bawat iskolar ng bayan na tinatahak ang landas para sa mas maliwanag na kinabukasan para sa bayan.

Bagaman kaniyang nilisan ang mundong ito, mananatiling buhay si Yuuki sa kaniyang mga tula, sulatin, trabaho, at sa kaniyang alaalang hindi kailanman bibitawan ng UP SAPUL at ng lahat ng mga taong naramdaman ang kaniyang pakikisama sa bawat pagsubok at tagumpay.

Pinakamataas na pagpupugay sa iyo, Yuuki!

“Ang tunay na rebolusyonaryo ay ginagabayan ng nag-uumapaw na pagmamahal.”
– Che Guevara

Natutunan niyang mahalin ang rebolusyonaryong pakikibaka at dito siya naging kamahal-mahal na rebolusyonaryo. Tangan ang mapanlabang prinsipyo, matalas at masigasig na propagandista si Yuuki. Mahusay siyang gumuhit ng linya ng pag-iiba at bumuo ng mga moog ng pagkakaisa sa panulat niya. Ang kaniyang mga matatalas na salita ay sanlibong laslas na nakapagpapadugo sa mga kaaway.

Nagsilbi si Yuuki bilang istap ng SINAG mula 2020 hanggang 2022. Sa kaniyang pananatili sa publikasyon, hindi mabilang na mga balita, lathalain, at opinyon ang kaniyang naisulat. Minsanang naging host din siya ng programang SINAG Spotlight.
Pumapaksa ang mga artikulo niya sa iba’t ibang isyung panlipunang lubos niyang pinag-aralan tungo sa pagbabago ng mundo. Walang-takot siyang namahayag hinggil sa ligtas na balik-eskwela, anti-pasismo, anti-imperyalismo, at kilusang masa upang ipatimo ang halaga ng kolektibong aksyon at pagpapanagot sa mga krimen ng rehimeng Duterte.

Sa kabila ng mga nakasusugat niyang mga salita sa kaaway, malambing at mapagmahal si Yuuki bilang isang kasama. Matapat ito sa mga pagtatasa, pag-e-edit, at pagpupuna. Lagi niyang inaasikaso ang pag-aaral at diskusyon ng mga manunulat sa pahayagang pang-kampus bilang tagapamandila ng alternatibong peryodismo. Kinalinga niya rin ang mga aplikanteng istap at ginabayan sila sa pagsusulat. Maagap siyang kumilos at laging handang sumulat para magmulat, magsiwalat, makibaka at magpalaya.

Sa edad na 20, maraming sangandaan at bako-bako ang landas na dinaanan ni Yuuki. Gayumpaman, paalala siya na maningning ang kinabukasan sa landas ng paglilingkod sa sambayanan. Binawi man ng kanser ang buhay niya, saksi kami sa danas ni Yuuki sa maalab na diwa ng kaniyang pagka-makabayang kabataan na sagupain ang mga kanser ng lipunan—ang dayuhang dominasyon, monopolyo sa lupa, at pagiging negosyo ng gubyerno. Nakisulat siya ng mga kabanata sa naratibo ng bayang nakikidigma.

Batid nating may mga personal na salik sa kaniyang pagpanaw. Subalit, alalahanin natin ang matapang na Yuuki na nakibaka sa mga kanser ng lipunan. Ito ang aral na iniiwan niya sa atin—ang patuloy na pagsusulat sa naratibo ng pakikibaka. Ang kaniyang kapasyahang igpawan ang mga balakid upang magpatuloy, sumulong, at magtagumpay ay dakilang hamon para sa lahat ng mga mag-aaral ng Agham Panlipunan at propagandista na patuloy na tanganan ang interes ng sambayanan hanggang sa huli.

“Natitiyak ang kamatayan subalit nag-iiba ang kahulugan. Ang mamatay nang naglilingkod sa aping sambayanan ay kasimbigat ng Bundok [Sierra Madre] at ang mamatay na naglingkod sa mga pasista at kaaway ay kasimbigat lamang ng balahibo.” Tunay na simbigat ng bundok ang buhay na kaniyang ibinahagi sa atin. Ang pinakamataas na parangal na maaari nating igawad sa kaniya ay ipagpatuloy ang pagpapatag ng mga bundok, ang mga kanser ng lipunang nilabanan din niya, na nambubusabos sa sambayanang Pilipino.

Isang sinag si Yuuki na hindi nais manatili sa karimlan. Sinag na nagpapaliwanag ang kaniyang mga sulatin at pagkatao. Sinag na tatanglaw sa mga susunod pang magpapatuloy sa landas na pinili niya—patungo sa tagumpay, nananatiling pag-iral na minsang nakasama namin siya sa puspusang pakikibaka at pagpupunyagi.

Lagi nating alalahanin ang kaniyang paalala: “Sa ngayon, pinakamahalaga ang kolektibong aksyon.” Wala man na siya sa atin ngayon, buhay na buhay siya sa kaniyang mga iniwan sapagkat siya ay laging “kasama kailanman.”

Mananatili ka sa aming gunita, sa mga pinakamaliit na bagay. Pinakamataas na pagpupugay, Yuuki!

YUUKI M. KATO
April 9, 2001 - January 20, 2022

"...'Bagamat ang kamatayan ay sumasapit sa lahat ng tao, ito ay maaaring higit na mabigat kaysa bundok o higit na magaan kaysa balahibo.' Ang mamatay alang-alang sa sambayanan ay higit na mabigat kaysa [Sierra Madre], subalit ang maglingkod sa mga pasista at mamatay para sa mga nagsasamantala at mga nang-aapi ay higit na magaan kaysa isang balahibo."

- Mao Tse-tung, "Paglingkuran ang Sambayanan"

Mahusay na organisador. Matapang na propagandista. Makata ng sambayanan. Isang magiting na Konsensiya at Iskolar ng Bayan. Ganito laging maaalala ng kaniyang mga kasama si Yuuki.

Sa maikling pananatili ni Yuuki sa loob ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, marami na siyang narating na mga tagumpay sa paglaban para sa ikabubuti ng kaniyang mga kamag-aral at ng malawak na hanay ng masa.

Bilang masikhay na kasapi at pinuno ng gawaing Propaganda ng SALiGAN sa CSSP, ubos-lakas at buong-pusong nag-organisa at nagsulong si Yuuki ng iba't ibang mga kampanya patungkol sa mga demokratikong karapatan ng mga mag-aaral sa edukasyon, kalayaang akademiko, at iba pang mga isyu sa loob at labas ng pamantasan.

Hindi naging hadlang para kay Yuuki ang kaniyang sakit upang masikhay na labanan ang iba't iba pang mga sakit sa lipunang patuloy na nagpapahirap sa sambayanan. Isang inspirasyon sa lahat ng nakatunghay ng kaniyang napaikli ngunit makabuluhang buhay ang kaniyang pagpupursigi't pakikibaka upang pandayin ang isang lipunang ganap na malaya at mapagpalaya.

Ang pagpanaw ni Yuuki ay napakalaking kawalan sa kaniyang mga kaklase, kaibigan, kasama, kapamilya at marami pang mga buhay na kaniyang nakasalamuha. Subalit, higit mang mabigat kaysa Sierra Madre ang kaniyang paglisan, kasabay rin nito ang ating patuloy na pagsulong upang gunitain, paghalawan, at isabuhay ang kaniyang diwang tunay, palaban, at makabayan.

Pinakamataas na pagpupugay sa iyo, Yuuki! Ipagpapatuloy ng mga Konsensiya ng Bayan ang iyong talas na magsuri, iyong tapang na lumaban, at iyong hangaring baguhin ang lipunan, hanggang sa tagumpay!

SALiGAN sa CSSP

Para kay Yuuki.
Anak, Kaibigan,
Kasama, at Manunulat.
Mahal ng bayan.